# Mga Tanong at Sagot sa mga Gamot sa COVID–19

## Mayroon tayong bagong epektibong mga kagamitan upang alagaan ang ating mga sarili kung mahawa tayo ng COVID-19.

Ang mga gamot sa COVID-19 ay ligtas, libre, madaling makukuha, at napaka-epektibo sa pagpigil sa sakit sa COVID-19. Mapipigilan ng mga ito ang virus sa pagdami sa inyong katawan, maaaring tulungan kayong magnegatibo nang mas maaga, at maaaring mabawasan ang panganib ng pagkakaroon ng mga sintomas ng mahabang COVID.

### ANO ang mga paggamot sa COVID-19?

Maaaring pigilan ang **sakit sa COVID-19 na maging malubha**.

Ang mga ito ay libre, madaling makukuha, at napaka-epektibo.

### SINO ang dapat tumanggap ng mga paggamot sa COVID-19?

Lahat ng mga taga-California na edad 12 taon at mas matanda na nagpositibo sa COVID-19 at mayroong mga sintomas ay dapat pagpasuri para sa pagpapagamot sa COVID-19 na makukuha nang walang bayad anupaman ang katayuan sa seguro o pagkamamamayan. **Ang mga paggamot sa COVID-19 ay inirerekomenda para sa mga mayroong ilang mga karanasan at kondisyon na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib sa mas malubhang sakit sa COVID-19**, tulad ng pagigin 50 taon at mas matanda, hindi napapanahon sa mga bakuna sa COVID-19, obesity, walang pisikal na aktibidad, paninigarilyo, hika, dyabetis, mga kondisyon sa kalusugan ng isip tulad ng depresyon, menorya ang lahi/etnisidad, at marami pa.

**Sa katunayan, karamihan sa mga nasa wastong gulang at ilang mga kabataan ay karapat-dapat at dapat tumanggap ng paggamot sa COVID-19.**

### KAILAN ako dapat tumanggap ng mga paggamot sa COVID-19

Ang mga paggamot ay dapat makuha **sa loob ng 5-7 araw nang magsimula ang mga sintomas**. Kaya kung nagsimula kang magkasakit, **kumilos nang mabilis** upang magpasuri sa COVID-19 at kumuha ng libreng gamot.

Kumuha ng gamot habang ang iyong sakit ay banayad – **huwag hintayin na lumala ang iyong sakit.**

### BAKIT kailangan kong tumanggap ng mga paggamot sa COVID-19?

Ang mga paggamot sa COVID-19 ay epektibo sa pagpigil sa paglala ng sakit na COVID-19. Ipinapakita ng mga siyentipikong ebidensiya na pinapababa ng mga ito ang panganib sa malubhang mga sintomas, pagpapa-ospital, at pagkamatay nang **kalahati o higit pa**.

Iminumungkahi rin ng maagang ebidensya na maaaring **mabawasan ng mga ito ang panganib ng pagkakaroon ng mga sintomas ng mahabang COVID**.

Ang mga paggamot sa COVID-19 ay maaari ring **pigilan ang virus na dumami sa iyong katawan at makahawa ng mas marami ng iyong mga selula**, na makatutulong sa inyo na **magnegatibo**.

**Enero 2023 • © 2023, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California**

CDPH California Department of PublicHealth

## SAAN ako makakukuha ng mga paggamot sa COVID-19?

Marami kayong opsyon. Hindi ninyo kailangan ng seguro o pagkamamamayan ng Estados Unidos.

- **Tumawag sa inyong doktor o sentro ng agarang pangangalaga.** Kung mayroon kayong seguro, maaari kayong tumawag sa numero sa inyong kard ng seguro upang humingi ng tulong sa pamamagitan ng pagtakda ng appointment.
- Maghanap ng lokasyon ng Magsuri-upang-Magpagamot na malapit sa iyo. Upang humanap ng lokasyon, tumawag sa hotline ng buong estado sa COVID-19 sa 833-422-4255.
- Magtakda ng **libreng appointment sa pamamagitan ng telepono o video** sa libreng tagapagbigay ng telehealth sa California at kumausap ng isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa parehong araw o kinabukasan. Tumawag sa **833-686-5051** o pumunta sa **sesamecare.com/covidca**.
- Ang ilang mga **parmasiya** ay mayroong mga parmasyutikong maaaring makapagbigay sa inyo ng reseta para sa paggamot. Tumawag sa inyong parmasya upang tingnan kung inaalok nila ang ganitong serbisyo.

**Tumawag sa hotline ng COVID-19 sa buong estado** para sa mga tanong at tulong sa paghanap ng libreng pagpapagamot sa COVID, sa **833-422-4255.** Pumunta sa **YouCanBeatIt.org** kung ikaw ay karapat-dapat ngunit tinanggihan ng gamot.

## Ano ang PANGALAWANG MGA EPEKTO?

Karamihan sa mga tao ay **walang pangalawang mga epekto**. Ang pinakakaraniwang pangalawang mga epekto ng Paxlovid, ang pinakakaraniwang iniresetang gamot sa COVID-19, ay banayad, tulad ng pagkahilo o mapait na lasa.

## PAANO gumagana ang mga paggamot sa COVID-19?

Ang mga paggamot sa COVID-19 ay gumagana upang pigilan ang sakit sa COVID-19 na maging malala. Maaaring sabihin sa inyo ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung ano ang angkop para sa inyo.

**Ang mga gamot na antiviral** ay pumipigil sa virus na dumami sa iyong katawan at makahawa ng mas marami ng iyong mga selula, na maaaring pipigil sa sakit sa COVID-19 na maging malala at makatutulong sa iyo na magnegatibo nang mas maaga.

## MAGKANO ang gastos sa mga paggamot sa COVID-19?

**Ang mga gamot sa COVID-19 ay libre anupaman ang katayuan sa seguro o pagkamamamayan.** Tumawag sa Hotline sa COVID-19 ng Estado kung kayo ay maling nasingil para sa mga tabletas sa COVID-19 sa **833-422-4255.**

## Ano ang REBOUND?

Ang pagbalik ng banayad na mga sintomas at bagong pagsusuri na positibo ilang araw matapos magnegatibo. Maaari itong mangyari sa COVID-19 **anupaman ang inyong mga paggamot na natanggap**.

Karamihan sa mga tao ay hindi nagkakaroon ng rebound sa mga paggamot.

Ang rebound mula sa mga paggamot sa COVID-19 ay **hindi pagkabigo sa paggamot** dahil gumagana pa rin ang mga gamot upang pigilan ang malubhang sakit. **Ang mga benepisyo sa paggamot ay mas higit kaysa sa mga panganib ng rebound.**

Para sa karagdagang impormasyon sa pangangalaga sa at paggamot sa COVID-19, bumisita sa **YouCanBeatIt.org** o tumawag sa hotline sa COVID sa buong estado sa **(833)-422-4255**.

**Enero 2023 • © 2023, Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California**

CDPH California Department of PublicHealth